REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-81

KAPASIYAHAN NA NAGTATATAG NG MUNTINLUPA SCHOLARSHIP TRUST FUND.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, marami sa mga kababayan natin at kanilang mga anak ay nagnanais na makapagpatuloy ng kanilang pag-aaral sa kolehiyo;

SAPAGKAT, ang nagiging dahilan sa hindi pagkakapatuloy ng pag-aaral ng ating mga kababayan ay ang kakapusan sa pananalapi o pinansiyal na pangangailangan;

SAPAGKAT, kung mabibigyan natin ng pinansiyal na tulong ang ating mga kababayan ay malaking pakinabang hindi lamang sa pamilya kundi lalung-lalo na sa bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, kinakailangan na ang ating mga kabataan dahil sa kapos sa pananalapi ay hindi makapagpatuloy ng pag-aaral ngunit may sapat namang kakayahan at katalinuhan ay nararapat lamang na tulungan at suportahan ng pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, dahil sa nakikita ng Sangguniang Bayan ang kahalagahan ng pagtulong ng pamahalaang bayan para sa pagbuo ng isang kapulungan na mangangasiwa sa pagpapatakbo ng Muntinlupa Scholarship Trust Fund ay nagkaisa ang Sangguniang Bayan na hilingin sa Punongbayan na magpalabas ng isang Executive Order para sa pagbuo ng Muntinlupa Scholarship Trust Fund at magtalaga ng mga tao na mangangasiwa sa Muntinlupa Scholarship Trust Fund.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniag Bayan ng Muntinlupa ay nagpasiya at pinagpasiyahan pang muli na magtatag ng Muntinlupa Scholarship Trust Fund.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA NG LAHAT NG KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang-apatnapu't anim na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-6 ng Pebrero, 1989.

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan